

Pagbabakuna sa tamang Oras, Tamang Dosis, at sa

Tamang Tatanggap

- ♦ **Pagpapakilala**
- ♦ **Mga halimbawa ng Bakuna**
- ♦ **Pagtatala ng Araw (Ang Tamang oras)**
- ♦ **Ang Tamang Dosis**
- ♦ **Ang Tamang Tatanggap**
- ♦ **Ilan sa mga Pagkaraniwang masamang Epekto ng Bakuna**
- ♦ **Katatagan at Pag-iimbak para sa Bakuna**
- ♦ **Aspetong Legal ng Bakuna**
- ♦ **Pagsuri sa Estado ng Pagpaparehistro sa isang produktong parmasyutikal**
- ♦ **Mga Tip sa Pagtutukoy ng isang Rehistradong Produkto**
- ♦ **Karapatan ng Mamimili**
- ♦ **Paglalagom**

Pagpapakilala

Ang salitang “bakuna” ay nagmula sa salitang Latin na “variolae vaccinae”, na ang orihinal na ibig sabihin ay bulutong tubig. Ang konseptong ito ay ipinakilala ng isang kilalang siyentista, na si Dr. Edward Jenner noong ika 18 siglo, na nagsanay ng ligtas at mabisang paraan ng pag iwas sa nakamamatay at nakakahawang sakit , ang bulutong, sa pamamagitan ng paggamit sa nana ng pasyenteng dating nagkaroon ng sakit na bulutong tubig na hindi masyadong nakakasama.

Gumagana ang “bakuna” sa pamamagitan ng pagpapasigla sa immune system ng tao upang lumaban sa mga nakakahawang sakit o kanser na maaaring maging sanhi ng mga mikrobyo, bakteryang, o iba pang mga agents. Ang bakuna ay isa sa pinaka malaking kuwento ng tagumpay sa makabagong medisina. Ang Samahan sa Kalusugang Pandaigdig (WHO) ay nagtanyang na hindi bababa sa 10 milyong kamatayan ang naiwasan sa pagitan ng taong 2010 at 2015 salamat sa pagbabakuna na naisagawa sa buong mundo. At ang bakuna, ay napatunayan ang halaga sa paglaban sa mga nakamamatay, na minsanang kumalat na sakit, tulad ng bulutong, tuberkolosis, diptheria, tetanus, at pertussis.

Mga Halimbawa ng Bakuna

Mga karaniwang halimbawa ng bakuna sa Hong Kong kasama ang:

Viral

- Bakuna sa hepatitis A
- Bakuna sa Hepatitis B
- Bakuna sa Human Papillomavirus (HPV)
- Bakuna sa Japanese Encephalitis (JE)
- Bakuna sa Tigdas, Beke at Rubella (MMR)
- Bakuna sa Rotavirus
- Bakuna sa Panapanahong Trangkaso (SIV)
- Bakuna sa Varicella

Bacterial

- Bakuna sa Bacillus Calmette-Guérin (BCG)
- Bakuna sa *Haemophilus influenzae* type b (Hib)
- Bakunang Meningococcal
- Bakunang Pneumococcal

Pinaqsama

- Bakuna sa Diptheria, Tetanus, acellular Pertussis at Inactivated Poliovirus (DTaP-IPV)

Ang Tamang Pagtatala ng Araw (Tamang Oras)

Ang Bakuna ay prinoprotektahan ang katawan sa pamamagitan ng pagpapalakas ng ating immune system para maging handa ito sa “tunay” na impeksyon na maaaring mangyari sa ating buhay. Magmula sa pagkapanganak, ang bawat isa ay maaaring bakunahan na naaayon sa nakatalagang araw.

Halimbawa, sa ilalim ng Programa ng Hong Kong Childhood Immunization, ang bagong panganak na bata ay bibigyan ng bakunang BCG, gayundin ang unang dosis ng Bakuna sa Hepatitis B; at sa edad na 1 buwan, ang bata ay tatanggap ng ikalawang dosis ng

bakuna sa Hepatitis B. Ang bakuna sa Diphtheria, Tetanus, acellular Pertussis at ang Hindi Aktibong Bakuna ng Poliovirus (DTaP-IPV), ang mga bata sa edad na 2 buwan, 4 na buwan, at 6 na buwan ay bibigyan ng una, pangalawa, at pangatlong dosis ng bakuna.

Para sa [Bakuna sa Trangkaso \(SIV\)](#), ang mga indibidwal na may edad mula 6 na buwan pataas ay maaaring magpabakuna. Dahil sa ang strain ng trangkaso na umiiral sa komunidad ay maaaring magbago sa bawat panahon, ang SIV ay kailangang tanggapin taon taon. Pinapayuhan magpabakuna ng hangga't maaari ay dalawang lingo bago ang mag umpisa ang panahon ng trangkaso sa bawat taon; dahil kailangan ng sapat na oras ng ating katawan upang mabuo ang kinakailangang panlaban.

Ang Tamang Dosis

Ang ibang mga bakuna ay nangangailangan lamang ng isang dosis at makapagbibigay ng panghabambuhay na proteksyon. Magkagayon man, karamihan sa bakuna ay nangangailangan ng mahigit sa isang dosis (i.e. may pangalawang dosis, o pangatlong dosis, na may ilang buwang pagitan). Bilang karagdagan sa mga nabanggit sa itaas na pangunahing paraan ng “maramihang dosis”, ang ibang bakuna ay maaaring mangailangang ng “booster dose” ang tumatanggap ng bakuna pagkatapos ng sapat na panahon (hal. isang taon, o ilang taon pagkatapos). Mayroong kanya kanyang dosis ang bawat bakuna; mangyaring kumonsulta sa propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan para sa mga payo.

Kadalasang nakukuha ang mga bakuna pamamagitan ng injection; subalit may ibang porma rin na mayroon (tulad ng iniinom at spray sa ilong). Ang dosis ng pagbabakuna ay maliit lamang. Para sa porma ng injection (itinitusok sa loob ng laman o sa ilalim ng balat) ang dami ay kadalasang mga 0.5 millilitre (ml); para sa iniinom na bakuna, maaaring itong maging mahigit sa 1ml; para sa spray sa ilong, ang dami ay mga 0.1ml sa bawat butas ng ilong. Ang ibang dami ng dosis ay posible para sa ibang bakuna, depende sa paraan ng pangangasiwa, at sa edad ng tatanggap. Halimbawa, kapag ang bakuna sa BCG ay ibinigay sa bagong panganak na sanggol, ang dami ng dosis ay maaaring maging pinakamababa na 0.05ml para sa injection sa ilalim ng balat. Ang mga propesyonal na tagapangalaga ng kalusugan ay sasangguni sa nakalagay sa polyeto sa loob ng produkto para sa rekomendasyong dosis para sa bawat indibidwal na grupo ng edad.

Importanteng makumpleto ang buong kurso ng pagbabakuna. Kapag nalagpasan ang isang dosis, agad magpunta sa iyong doktor para sa propesyunal na payo.

Ang Tamang Tatanggap

Mayroong sariling babala ang produkto ng mga bakuna; at tukoy na target na populasyon. Halimbawa, tukoy ang bakunang HPV ay para sa aktibong pagbabakuna para sa mga indibidwal laban sa cervical, vulvar, vaginal, anal lesions at kanser, na may kaugnayan sa paulit ulit na impeksyong HPV. Ang indibidwal simula sa edad na 9 na taong gulang ay maaaring tumanggap ng bakuna sa HPV.

Para sa SIV, ang mga sanggol na edad 6 na buwan ay maaaring bakunahan; at ang mga taong may mataas na tsansang magkaroon ng trangkaso at komplikasyon nito, tulad ng matatanda, mga bata, buntis, mga pasyenteng may matagal ng sakit (tulad ng sa puso, baga, sakit sa bato, metabolic disease, at immune insufficiency), at sobrang matatabang tao (kung saan ay mas mabigat ang timbang sa kanilang Body Mass Index (BMI) value > 30) ay kadalasang hinihikayat na tumanggap ng SIV para sa pansariling proteksyon. Ang mga residente ng bahay panuluyan sa matatanda, at iyong mga naninirahan sa bahay panuluyan para sa may kapansanan ay kailangan din ng SIV. Bukod dito, ang mga tagapangalaga ng kalusugan, nagtatrabaho sa manukan, nag-aalaga ng baboy at iba pang taong may mataas na tyansa na makakuha ng trangkaso ay dapat mabakunahan upang makasiguro ng maagang proteksiyon.

Para sa mga kwalipikadong magpabakuna, dapat silang tumanggap ng bakuna sa tamang paraan, ayon sa itinalagang araw. Sa ilalim ng Programa ng Hong Kong para sa Pagbabakuna sa mga Kabataan, ang mga bata ay tatanggap ng iba't ibang bakuna sa mga tukoy na edad ayon sa rekomendasyong itinalagang araw. Para sa mga manlalakbay na nagpaplanong magpunta sa ibang bansa sa lugar na may mataas na peligro na kailangan ang bakuna, pinapayuhan silang bisitahin ang website ng [Serbisyong Pangkalusugan para sa mga Manlalakbay](#) bago magkaroon ng itinerary.

Hindi lahat ay naangkop sa bawat ng bakuna. Ito ay kinakailangang maanalisa ng isang rehistradong doktor bago mabigyan ng kahit na anong bakuna. Ang ibang tao (kahit mababa ang tsansa) ay maaaring maging sensitibo (hal. pagkakaroon ng pantal, hirap sa paghinga atbp.) sa partikular na bakuna; ang pagbibigay sa kanila ng nasabing

bakuna ay hindi nararapat.

Ang tagapangalaga ng kalusugan ay magtatanong sa tatanggap ng bakuna ng kanilang medikal na kasaysayan, at kung may nangyaring hypersensitivity sa pagbabakuna; aanalisahin nila ang kondisyong pangkalusugan bago mag desisyon kung bibigyan ng bakuna, o ipagpatuloy ang itinalagang araw ng pagbakuna.

Ilang Pangkaraniwang masamang Epekto ng Bakuna

Maaaring magdulot ang bakuna ng immune response at maaari silang magdulot ng masamang epekto. Pagkatapos ng pagbabakuna, inaabisuhan ng mga tagapangalaga ng kalusugan ang tumanggap na manatili saglit (hal. 15 minuto hanggang kalahating oras); sakaling magkaroon ng matinding hypersensitivity, upang mabigyan agad ito ng paunang lunas.

Ang kadalasang masamang epekto ng bakuna ay mahina at pansamantala; at mawawala sa ilang araw. Kabilang sa mga karaniwang masamang epekto ay sakit, (minsan ay pamumula, pamamaga at paninigas) sa lugar na binakunahan. Ang tumanggap ay maaari ring makaramdam ng pagod, o sakit sa kalamnan. Ang ibang indibidwal ay maaaring magkaroon ng lagnat at sakit ng ulo atbp. Ang bakunang iniinom ay maaaring makapagdulot ng gastrointestinal discomfort (tulad ng pagtatae). Ang bawat bakuna ay mayroong sariling talaan ng masamang epekto. Kung ang masamang epekto ay magpatuloy, o lumala pagkatapos ng ilang araw, ay sumangguni ng medikal na konsultasyon.

Ang mga malalang masamang epekto (hal. namamagang bibig at dila, hirap sa paghinga, o pagkalumpo) ay nangangailan ng agarang medikal na atensyon.

Sa pangkalahatan, ang bakuna ay ligtas at ang kanilang bisa at kalidad ay kailangang napatunayan na bago sila maibenta.

Ang mga impormasyon tungkol sa pagbabakuna sa mga bata ay makikita sa [Serbisyong Pangkalusugan ng Pamilya](#) ng Kagawaran ng Kalusugan. Upang maintindihang maigi ang tungkol sa mga nakakahawang sakit, mangyaring bisitahin ang website ng [Center para sa Proteksyon ng Kalusugan](#).

Katatagan at Pag-iimbak ng Bakuna

Ang mga bakuna ay kinakailangang iimbak sa ilalim ng mga kondisyon na inirerekomenda ng gumawang bakuna. Ang bawat bakuna ay mayroong tiyak na tanging ng buhay at pangangailangan sa pag-iimbak, na makikita sa label. Kadalasan ang mga bakuna ay kinakailangang maimbak sa pagitan ng 2°C-8°C; at malayo sa liwanag. Ang kondisyon ng pag iimbak (tulad ng temperatura) ay maigting na binabantayan at itinatala. Ang pagiimbak sa labas ng rekomendasyong kondisyon ay maaaring makaapekto sa kalidad at bisa ng bakuna; at maaaring makita ito bilang hindi na pwedeng gamitin. Kahit ang bakuna ay kailangang iimbak sa 2°C- 8°C, maaari rin itong manatili sa temperatura ng kwarto sa maikling panahon bago ang agarang pagbabakuna.

Karamihan sa mga produkto ng bakuna ay hindi dapat pinagyeyelo. Anumang nag yelong bakuna (salungat sa paraan ng pag iimbak) ay kailangang itapon.

Dapart suriin ang bakuna para sa mga iregularidad o banyagang bagay bago gamitin. Kung may pagdududa, huwag gamitin ang bakuna.

Legal na Aspeto ng Bakuna

Ang bakuna ay gamot na inirereseta lamang; at tulad ng ibang mga nabibiling produkto sa botika, ang bakuna ay kinakailangang rehistrado sa Lupon ng Botika at Lason sa Hong Kong, bago sila maitinda, o maipamahagi ng lokal sa Hong Kong. Ang mga nag aangkat /nagluluwas ng mga produkto ng parmasyutiko ay kinakailangang may hawak ng lisensya bilang negosyanteng namamakyaw na ipinalabas sa ilalim ng Ordinansa ng Botika at Lason (Cap.138) at ang balidong lisensya sa pag aangkat/pagluluwas ng mga produkto ay kinakailangan sa bawat kargamento ng parmasyutiko na kailangang iangat/ iluwas.

Para sa lahat ng rehistradong produkto ng parmasyutiko, ang panlabas na pakete (tatak) ay dapat magpakita ng Numero ng rehistrasyon sa Hong Kong (i.e. HK-XXXXX (limang numero)). Karagdagan pa, ang label ay dapat na naglalaman ng pangalan ng produkto, pangalan ng aktibong sangkap at dami nito, pangalan at address ng gumawa, numero

ng pangkat na ginawa, at petsa ng pag expire. Para sa gamot na inirereseta lamang, ang label ay kinakailangang maglaman ng tekstong “Prescription Drug 處方藥物” sa parehong Ingles at Tsino.

Sa mga sterelisadong produkto, ang label sa maliit na bote o hiringgilya ng bakuna ay dapat ding maglaman ng numero ng pangkat ng nagawang gamit at petsa ng pag expire; at kung maaari, ang pangalan ng pampreserba sa gamot.

Anumang tiyak na tagubilin sa pag iimbak sa bakuna (hal. Iimbak sa 2°C- 8°C; Huwag papagyelohin) ay dapat ding naka display ng malinaw sa label.

Ang Pagsuri sa Estado ng Pagpaparehistro sa Isang Produktong Parmasyutiko

Ang mga impormasyon sa lahat ng rehistradong produkto ng parmasyutiko ay makikita sa website ng Tanggapan ng Gamot (<http://www.drugoffice.gov.hk>):

(1) Maaaring hanapin ang mga impormasyon tungkol sa partikular na produkto ng parmasyutiko sa pamamagitan ng pagpasok ng partikular na produkto ng parmasyutiko (tulad ng pangalan ng produkto o pangalan ng aktibong sangkap sa Ingles, o ang Numero ng Rehistrasyon sa Hong Kong) sa [“Search Drug Database”](#) na kagamitan

http://www.drugoffice.gov.hk/eps/do/en/consumer/search_drug_database.html

(2) Maaari ring kumuha ng impormasyon ng lahat ng produkto ng parmasyutiko na nakaayon sa pagkaka sunod sunod ng unang titik ng pangalan sa pamamagitan ng pagtingin sa bersyon ng web ng Ang Compendium ng Produktong Paymasyutikal

<http://www.drugoffice.gov.hk/eps/do/en/doc/Compdium.pdf>

Mga Tip sa Pagtukoy ng Isang Rehistradong Produkto

Tulad ng nabanggit sa itaas, ang kahon o label ng bakuna ay dapat na mayroong numero ng rehistrasyon sa Hong Kong gayundin ang “Prescription Drug 處方藥物”. Kung ang tukoy na impormasyong ito ay hindi makikita sa labas ng kahon ng bakuna, malamang na ang produkto ay hindi rehistrado sa Hong Kong.

Sa ilalim ng umiiral na batas, ang pangalan ng produkto ng parmasyutiko at ang aktibong sangkap ay nakarehistro sa Ingles. Samakatuwid, ang pangalan ng produkto at ang pangalan ng aktibong sangkap sa Ingles ay dapat makita sa labas ng kahon, ang ibang produkto ay maaaring mayroon ding pangalan sa Tsino bilang karagdagan sa Ingles. At, ang ibang impormasyon, hal. tagubilin sa paggamit, paalala, ay maaaring idisplay sa Ingles at/o Tsino. Paminsan minsan, mayroong mga pahayag na nakasulat sa ikatlong wika bilang karagdagan sa Ingles at Tsino, hal. ang ilang wika sa Europa para sa produktong ipapadala sa mga bansa sa Europa. Subalit, kung mapapansin ninyo na ang panlabas na kahon ng bakuna ay nakasulat “lamang” sa wikang banyaga o sa Tsino “lamang”, kahit pa pinaikli o tradisyunal na Tsino, malamang na ang produkto ay hindi rin rehistrado sa Hong Kong. Kabilang sa mga ibang halimbawa ang: panlabas na kahon na nalilimbag sa Hapon; ang produkto ay naglalaman lamang ng pinaikli o tradisyunal na Tsino na walang pangalan ng produkto sa Ingles.

Karapatan ng Mamimili

Ang mga bakuna ay gamot na inirereseta. Ang mamimili ay kadalasang makakatanggap ng bakuna sa lugar kung saan ang rehistradong doktor ay nagsasanay ng kanilang propesyon (halimbawa, mga ospital, klinika, pribadong klinika sa konsultasyon). Ang pagbabakuna ay kinakailangang gawin ng at sa ilalim ng pangangasiwa ng rehistradong doktor. Bago tumanggap ng bakuna, ang mamimili ay maaaring tingnan kung ang responsableng tao ay isang rehistradong doktor ng Hong Kong. Para sa listahan ng mga rehistradong doktor, maaaring bisitahin ang website ng “Ang Konseho ng Medisina sa HongKong”. https://www.mchk.org.hk/English/list_register/index.html

Kung kinakailangan, ang mga mamamayan ay maaaring hilingin na makita ang bakuna; i-check ang limang numero ng “Numero ng Rehistrasyon ng Gamot (HK- XXXXX)” sa label ng produkto ng bakuna; at tingnan kung ang kailangang impormasyon ay nasa labas na parte ng pakete ng produkto bago isagawa ng mga tagpangalaga ng kalusugan ang pagbabakuna. Kung nagdududa na ang produkto ay hindi rehistrado sa Hong Kong, i-check o i-report sa Tanggapan ng Gamot sa Kagawaran ng Kalusugan (tel: +852-2572-2068; email: pharmgeneral@dh.gov.hk)

Maaari ring kontakin ang Mayhawak ng Sertipiko ng Rehistrasyon ng produkto, sa kung papaano malalaman ang pagiging tunay ng produkto. Ang mamimili ay maaaring

ikumpara ang mga palatandaan ng produkto laban sa pamemeke, at i-check ang mga detalye tulad ng numero ng pangkat ng at petsa ng pag expire. Sa kaso ng pagdududa, maaaring kumontak sa Asosasyon ng Hong Kong ng Industriya ng Parmasyutiko para sa mga katanungan (tel: +852-2528-3061; email: info@hkapi.hk) Kung gusto nyong mag ulat ng pekeng produkto, maaaring kumontak ng direkta sa Custom at Excise Department ng HongKong (tel: +852-2815-7711; email customsenquiry@customs.gov.hk)

Paglalagom

Ang mga bakuna ay ginawa ng may paghihigpit at pagkontrol sa kalidad; at nangangailangan ng tamang atensyon sa temperatura habang iniimbak at inihahatid. Sila ay mga gamot na inirereseta lamang. Kahit na may masamang epekto ang bakuna, nakakatulong sila upang mapagtibay ang immunity laban sa sanhi ng sakit. Nang may tamang pag iintindi sa bakuna at sa tamang paggamit nito, ang bakuna ay mahalagang kagamitan upang protektahan ang kalusugan ng publiko.

Pagkilala: Ang Tanggapan ng Gamot ay gustong pasalamatan ang Sentro ng Proteksyon para sa Kalusugan (CHP) para sa kanilang mahalagang kontribusyon sa preparasyon ng artikulong ito.

Tanggapan ng Gamot
Kagawaran ng Kalusugan
Disyembre 2019